# Balitang Manmin

BILANG 142 OKTUBRE 18, 2015


# Ipinapahayag ang Walang Patid na Pagkilos ng Banal na Espiritu!

## 'Paglalakbay sa Pananampalataya', Espesyal na Programa ng Global Christian Network




Nakapagdaos si Dr. Jaerock Lee ng mga krusada sa maraming bansa dahil sa kapangyarihan ng Diyos. Kahit saan ipakita ang kapangyarihan ng Diyos, nagagalak ang kaloobang nagdadalamhati at lumalambot dahil sa pag-ibig Niya ang matitigas na kalooban. Maraming napagaling mula sa iba't ibang karamdaman at nalutas ang mga problema. Hindi mabilang ang mga naligtas. (Kaliwa: Ang makinang na hugis krus na liwanag ay nakita sa kalangitan noong pinakaunang pagbobrodkast ng GCN mula sa Empire State Building sa Estados Unidos)

Ika-12:00 ng madaling-araw noong Setyembre 1, 2005, nang unang subukang magbrodkast ng GCN (Global Christian Network) sa isang pagdiriwang ng pagsisimula bago ang opisyal na pagbubukas nito. Biglang nagkaroon ng hugis-krus na liwanag sa kalangitan sa ibabaw ng Empire State Building!

"Kamangha-mangha! Ito ay tanda mula sa Diyos na nagpakita ng lugod Niya sa GCN! Ito ay isang tanda mula sa Kanya!" Kahit sampung taon na ang nakalipas, nananatili sa isipan ng mga miyembro ang hugis-krus na liwanag na ipinakita ng Diyos noong madaling araw na iyon sa kalangitan.

Itinatag ang GCN para ibahagi ang salita ng buhay at ang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng tao sa buong mundo na nabubuhay na puno ng kasalanan at kasamaan sa panahong malapit nang magwakas. Magmula nang pagbubukas, nagpatuloy ang pagsulong at pagbuti nito. Nakakaabot na ito sa mahigit-kumulang 170 mga bansa. Noong Disyembre 2014, sinimulan nito ang Olleh TV at ang channel 882 kung saan iba't ibang programa ang ipinapalabas para sa mga manonood gamit ang teknolohiyang HD.

Minahal ng GCN ang pangitaing ibinigay ng Diyos para sa ministeryo ng pagbobrodkast, tanging pananampalataya at pagsunod lang ang nagsusulong dito. Naranasan ng istasyon ang pagkilos ng Diyos tulad ng paglikha ng isang bagay mula sa wala kaya nakakapagbigay sila ng mga programang naiiba at puno ng buhay para sa mga manonood mula sa buong mundo.

Bukod dito, naglabas pa ang GCN ng mga bagong programa tulad ng 'Walk of Faith' (Paglalakbay sa Pananampalataya) at 'Reminiscence 2' (Pagbabalik Tanaw 2). Nagustuhan ito ng mga manonood. Nagsimula noong Agosto 2015 ang programang 'Walk of Faith'. Ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga manonood para makita at maalaala ang ministeryo ni Dr. Jaerock Lee sa buong mundo, siya ang punong pastor ng Manmin Central Church. Namuno siya ng mga krusada sa ibang bansa, sumunod siya nang may pananampalataya at umasa sa Diyos. Dahil sa programang ito, nadadamang muli ng mga manonood ang mga makabagbag damdaming sandali.

Mula taong 2000-2010, nakapagdaos na si Dr. Lee ng mga krusada sa 14 mga bansa: Uganda, Japan, Pakistan, Kenya, Pilipinas, Honduras, India, Russia, Germany, Peru, DR Congo, Estados Unidos, Israel, at Estonia.

Ang krusada sa Uganda noong taong 2000 ay ibinalita ng CNN, isang kilalang ahensya ng pagbabalita sa buong mundo, dahil napakaraming taong gumaling mula sa mga karamdaman, pati sa AIDS. Sa Pakistan naman, sinaraduhan ang mga pintuan ng pagdadausan ng krusada, kinansela ng gobiyerno doon ang pahintulot para magdaos ng krusada. Pero muli itong binuksan dahil sa isang taong inihanda ng Diyos. Matagumpay na naidaos ang krusada.

Noong taong 2002, idinaos sa Marina Beach ang krusada sa India (unang linya, sa ibaba), dinaluhan ito ng mahigit-kumulang tatlong milyong tao. Naitala nito ang rekord bilang pinakamalaking krusada na may pinakamaraming bilang ng dumalo. Noong taong 2009, nagdaos din ng krusada si Dr. Lee sa Israel, bansa ng Judaismo. Ginawa ito sa International Convention Center ng Jerusalem. Ipinahayag sa krusada na Jesu-Cristo ang Tanging Tagapagligtas natin sa isang bansang Judio. Naibrodkast ito sa 220 mga bansa.

Nagpakita si Dr. Lee ng maalab na kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa pagdaraos ng mga krusada sa mga bansang Islam at Hindu, at sa mga Judio. Umabot sa Europa ang pagkilos ng Banal na Espiritu kung saan nanlamig na ang pananampalatayang Cristiano.

May mga taong nagtangkang manggulo sa mga krusada, pero nang ipahayag ni Dr. Lee ang tungkol sa Diyos na Manlilikha at sa Tanging Tagapagligtas nating si Jesu-Cristo, at nagpagaling ng maraming tao sa pamamagitan ng pananalangin para sa mga maysakit, nawala ang lahat ng pag-uusig at hindi paniniwala. Ito ay sapagkat pinatunayan ng panalangin niya ang kapangyarihan ng Diyos at pinatotohanan ang nakasulat sa Biblia at ang mga sermon.

Kasama sa 'Walk of Faith' ang mga balita tungkol sa mga pagmimisyon ni Dr. Lee at ang mga video ng mga krusada. Hindi lang makikita ng mga manonood ang kamangha-manghang kapangyarihan at kalooban ng Diyos, maitatanim pa nila ang mga ito sa puso nila.

Makikita nila ang paglalakbay sa pananampalataya kung saan ang kalooban ng Diyos ang inasahan at hindi natakot sa realidad ng situwasyon. Nalugod ang Diyos sa pananampalatayang ipinakita kaya kumilos Siya ng may kamangha-manghang kapangyarihan. Sa pamamagitan nito, matututuhan ng mga manonood kung ano ang tunay na pananampalataya. Ang programang ito ay ipapalabas sa 46 na magkakasunod na serye. Ibinobrodkast na ito tuwing Linggo, ika-12:00 ng madaling araw. Mayroon din sa website ng GCN (www.gcntv.org), sa mobile website (m.gcntv.org), at sa Olleh TV, channel 882.

# Ang Pag-ibig ng Diyos



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"At ating nalaman at sinampalatayanan ang pag-ibig ng Diyos para sa atin. Ang Diyos ay pag-ibig at ang nananatili sa pag-ibig ay nananatili sa Diyos, at ang Diyos ay nananatili sa kanya." (1 Juan 4:16)

•••

Kung nananatili kayo sa pag-ibig Niya, wala kayong katatakutan at hindi kayo magkukulang ng kahit na anong bagay sa buhay ninyo. Kahit hindi kayo matalino, may mababang pinag-aralan, may kakaunting kaalaman, at kakaunting pera, o hindi marangya ang pinagmulan, aalagaan kayo ng Diyos kung lubos kayong magtitiwala sa Kanya.

Tatanggap ng mga kasagutan at mga biyaya ang kahit na sino sa pag-ibig ng Diyos kung susundin nila ang mga utos Niya at mamumuhay sa katotohanan. Pag-aralan nating mabuti ang tungkol sa pag-ibig ng Diyos.

### 1. Ang pag-ibig ng Diyos ay naghihintay ng ating pagbabago

Mula sa ika-15 kabanata ng Lucas, mababasa natin kung paano maghintay ang isang ama. Mayroon siyang dalawang anak na lalaki, kinuha agad ng isa sa kanila ang mamanahin niya, pumunta siya sa malayong lugar. Marahil, nangarap siyang magtagumpay sa ibang lugar. Pero hindi nangyari ang pinapangarap niya, malupit ang realidad. Hindi siya nagtagumpay. Nagwaldas siya at sinayang ang kayamanan niya. Nang magkaroon ng taggutom sa lugar, kahit kaning baboy ay kinasabikan niyang kainin, pero walang sinumang nagbigay nito sa kanya.

Naalala niya ang kanyang Ama. Naisip niyang, 'Sa bahay ng ama ko, kahit mga upahang lingkod ay may sapat na pagkain, habang mamamatay ako sa gutom dito. Uuwi na lang ako.' Siyempre, hindi siya umasa na patatawarin at tatanggapin siya ng ama niya. Kapag nakita siya ng ama niya sa ganitong kalagayan, baka itaboy lang siya nito. Baka kinalimutan na rin siya nito.

Pero hindi nangyari ang inakala ng anak, ibang-iba ang kalooban ng ama. Ibinigay ng ama sa anak ang perang mamanahin dahil pinilit siya ng anak. Pero magmula nang umalis ang anak, walang araw na hindi siya nalungkot. Nakatanaw siya palagi sa daan palabas ng nayon, umaasang magbabalik ang anak niya. Hindi niya inisip ang maling ginawa ng anak niya. Minamahal niya ang anak niya, hindi niya ito mababalewala. Hindi niya inisip na pagsabihan ito kapag bumalik, kundi gusto niyang hubarin ang maruming damit nito at bihisan ito ng pinakamagandang sapatos at kasuotan. Gusto niyang magkaroon ng malaking handaan para sa anak niya.

Paano naman kaya ang kalooban ng Diyos na naghanda ng lahat ng bagay para sa atin at naglalang ng tao sa wangis Niya? Naghihintay Siya para tanggapin natin si Jesu-Cristo, tanggapin ang Banal na Espiritu, at magbago. Naghihintay Siya na maunawaan din natin ang kalooban Niya. Kapag nagbago tayo at naging tunay na mga anak Niya, nais Niyang ibigay sa atin ang Bagong Jerusalem.

Naghihintay Siya na maibahagi sa atin ang kaluwalhatian ng napakagandang langit na nilikha Niya sa Kanyang karunungan at kapangyarihan.

### 2. Ang pag-ibig ng Diyos ay nagtitiis hanggang magbago tayo

Mayroong maalab na pag-asa sa paghihintay ng Diyos. Dahil sa kaalabang ito, nagtitiis Siya. Ang pagtitiis na ito ay may kasamang pagpapagod at responsibilidad, hindi lang naghihintay nang walang ginagawa habang inaasahan ang gustong mangyari.

Nagdurusa sa kalungkutan at pasakit ang Diyos habang nangangalaga Siya ng sangkatauhan. May isang mananampalatayang kapatid na nagsabing nagdalamhati siya habang binabasa ang tungkol sa Exodo ng mga Israelita sa Lumang Tipan. Sinabi niyang hindi niya maintindihan kung paano nakapagreklamo ang mga tao laban sa Diyos at sumamba pa sa mga diyus-diyosan kahit nagpakita ng dakilang kapangyarihan sa kanila ang Diyos. Pero sumagot naman ang isa pang mananampalataya, "Kapatid, hindi lang ang mga anak ni Israel ang may ugaling ganito, kapareho nila tayo kung hindi tayo magbabago." Hindi na nakasagot ang naunang kapatid.

Totoo ito. Hindi lang ang mga anak ni Israel ang tumalikod sa pag-ibig ng Diyos kahit naranasan nila ang mga dakilang bagay at tumanggap ng pagpapala. Kahit sinong hindi pa nagbabago ng puso ayon sa katotohanan ay katulad nila. Kung pinapapurihan nila nag Diyos sa isang araw, magrereklamo sila sa susunod na araw. Kapag mayroong paghihirap, magrereklamo sila. At kung hindi nila tatangapin agad ang kasagutang inaasahan nila, nababalewala ang lahat ng pagpapalang tinanggap nila.

Kung hindi na katulad ng dati ang pagiging puspos ninyo ng Espiritu, at ang paningin ninyo ay nakatuon sa mga kamunduhan, balikan ninyo ang buhay ninyo bilang mananampalataya. Suriin ninyo kung ang kaalaban ninyo sa pagwawaksi ng mga kasalanan ay nanlalamig na; o kung ang pagsamba at pagiging tapat ninyo ay pagpapakitang-tao na lang. Kadalasan, kapag nawalan ng mga pagpapala, sinisisi ang ibang tao o ang mga situwasyon sa halip na suriin ang sarili. Wala silang lakas ng loob magreklamo laban sa Diyos, pero palihim silang nagagalit sa Kanya. Sa ganitong pagkakataon, mas pinaniniwalaan nila ang mga tukso sa halip na sumunod sa kabutihan.

Kahit naranasan nila ang isandaang himala ng Diyos, kung may isang bagay na hindi naaayon sa saloobin nila, nakakalimutan na nila ang isandaang himala. Kahit maalala pa nila, iisipin nilang nagkataon lang iyon. Dahil ito sa ugaling makalaman.

Kung minsan, niloloob ng Diyos na maihatid ang hustisya tulad ng nangyari noong pagbaha sa panahon ni Noe o noong Sodoma at Gomorra. Kung may kumakalat na foot-and-mouth disease o avian flu, hindi pwedeng iligtas ang mga hayop. Sa espirituwal na diwa, kung umabot na sa limitasyon ang kasalanan, wala nang magagawa at wala nang ibibigay na palugit. Pero, hindi rin basta na lang nagpaparusa ang Diyos, sinasabing, "Maraming pagkakataon na ang ibinigay Ko sa inyo. Wala na akong magagawa ngayon." Masakit sa kalooban ng mga magulang ang pagpaparusa sa mga anak nila. Gaano pa kaya katindi ang pagdadalamhati ng Diyos kapag nakikita Niyang patungo sa pagkawasak ang mga kaluluwa?

Mababasa sa Mga Taga-Roma 8:26, "At gayundin naman, ang Espiritu ay tumutulong sa ating kahinaan; sapagkat hindi tayo marunong manalangin nang nararapat; ngunit ang Espiritu mismo ang namamagitan na may daing na hindi maipahayag." Kapag hindi makapanatili sa Liwanag ang mga mananampalataya dahil kahinaan nila, nagdurusa ang Banal na Espiritu.

Kapag nakikita ng Diyos na nagkakasala ang mga anak Niya at nagdurusa sa mga pagsubok dahil sa pag-akusa ni Satanas, nagdurusa din Siya. Nakatanim sa puso Niya ang sakit na ito sa loob ng libulibong taon. Gaya ng nakasulat sa 2 Pedro 3:15, dahil sa pag-ibig ng Diyos na nagtiis ng lahat ng sakit sa loob ng mahabang panahon, hindi mabilang ang bunga ng kaharian ng langit.

### 3. Ang pag-ibig ng Diyos ay naniniwala na magbabago tayo

Ang dahilan kung bakit nakakapaghintay Siya ay naniniwala Siya na matutupad ang inaasahan Niya. Kung hindi naniniwala ang mga magsasaka na may aanihin sila, hindi sila magtatanim. Ipinapanganak ninyo ang mga sanggol at pinaniniwalaang lalaki sila nang maayos. Kung gagamitin ninyong kapital sa negosyo ang lahat nang perang inipon ninyo, ibig sabihin, naniniwala kayo na kikita ang negosyong ito. Kung hindi kayo naniniwalang magiging matagumpay ang negosyo, hindi ninyo ikakapital ang lahat ng inipon ninyo.

Sinimulan ng Diyos ang pangangalaga ng sangkatauhan dahil naniniwala Siya sa atin. Kahit pinagtaksilan Siya ni Judas, at sinuway ni Adan, at kahit sa halagang ibayad ang bugtong Niyang Anak sa krus, tinutupad pa rin Niya ang kalooban Niyang pangangalaga ng sangkatauhan. Ito'y sapagkat naniniwala Siya sa atin. May kanya-kanyang kahinaan ang mga alagad na naiwan dito sa mundo. Pero naniwala si Jesus na magbabago sila, magiging mga martir pa. Dahil pinaniwalaan Niya ito, ipinasan Niya ang krus. Inihahanda ng Panginoon ang mga tirahan ninyo sa langit dahil naniniwala Siya sa inyo tulad ng paniniwala Niya sa mga alagad. Hindi Siya kumakain, umiinom, o nagsisiya sa mga pagdiriwang hanggang hindi pa tayo dumarating doon. Nananalangin lang Siya para sa inyo at sa akin.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, hindi humihinto ang Diyos at ang Panginoon sa pagpoprotekta sa inyo habang binabantayan kayo nang may mga matang tulad ng apoy. Naniniwala Sila na magiging tunay na mga anak kayo ng Diyos. Hindi nag-aalinlangan ang Diyos na maraming kaluluwa ang magiging bunga ng Bagong Jerusalem sa katapusan ng panahon.

Ang pananampalataya, pag-asa, at paghihintay na ito ay hindi magbabago hanggang sa pagbabalik ng Panginoon, at tiyak na tututparin ng Diyos ang kalooban Niya. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na sa pamamagitan ng pagsasa-isip ng pag-ibig Niya, magiging mahalagang manggagawa kayo na tutupad ng kalooban ng Diyos sa pagwawakas ng panahon.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Balitang Manmin Tagalog
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

Mga Katanungan na Dapat Sagutin ng mga Anak ng Diyos na Siyang Liwanag

# Nananatili ba kayo sa Liwanag?

Mababasa sa 1 Juan 1:5, "...ang Diyos ay Liwanag, at sa Kanya'y walang anumang kadiliman." At sinasabi sa Juan 1:1, na ang Salita ay Diyos, kaya kung isinasabuhay natin ang Salita, ito ay nangangahulugang nananatili tayo sa Liwanag. Tatanggapin natin kahit anong hilingin natin (1 Juan 3:21-22), kung mananatili tayo sa Liwanag sa pagsasabuhay ng Salita ng Diyos. Sagutin natin ang tatlong katanungan para suriin kung totoong nananatili tayo sa Liwanag.

## Nagrereklamo o nagmamaktol ba kayo?

Ibang tao ang sinisisi ng karamihan kapag hindi nangyari ang gusto nilang mangyari o kung nahihirapan sila. Gayon pa man, nasasa kanila na kung makakatanggap sila ng mga biyaya o hindi. Tatanggapin ng mga anak ng Diyos ang mga biyaya at mananahan sila sa pag-ibig ng Diyos na may kapangyarihan sa buhay, kamatayan, tagumpay at kabiguan kung totoong nagtitiwala sila sa Diyos at sumusunod sa Salita Niya sa Biblia (Exodo 15:26; Deuteronomio 28).

Gayon pa man, may mga mananampalataya at hindi mananampalatayang nagdurusa at naghihirap pa rin. Ito ay sapagkat nagsisinungaling at gumagawa pa rin sila ng kasamaan, paglaban ito sa Salita ng Diyos. Napopoot, nagrereklamo, nagagalit, naninirang-puri, at naghahanap sila ng sariling pakinabang, sinusuway nila ang Salita. Pero, hindi nila nakikita na sila mismo ang dahilan ng paghihirap. Nagrereklamo sila at sinisisi ang ibang tao o ang situwasyon sa lahat ng bagay. Hindi natin pwedeng sabihing nananatili sila sa Liwanag.

Dapat gawin ng mga anak ng Liwanag ang lahat ng bagay nang may pagpapasalamat at kagalakan, kahit maliit na bagay lang ito. Unawain nila at paglingkuran ang ibang tao. Suriin ninyo kung pagkukulang ng ibang tao ang nakikita ninyo. Pero, kahit tama ang sinasabi ninyo, kung mali naman ang pagkakasabi ninyo, makikita na may bahid pa rin kayo ng kadiliman.

Kapag nahihirapan, sinisisi ng mabubuting tao ang sarili nila, nagpapasalamat sila sa lahat ng bagay. Kaya, dapat iwaksi ng mga anak ng Diyos na Siyang Liwanag ang pagrereklamo, magpasalamat sila ng taos-puso, at magalak. Kapag ang puso at pananalita nila ay tulad nito, lalayuan sila ng kaaway na diyablo at Satanas, tatanggapin nila ang pagpapala mula sa Diyos.

Kapag inuunawa natin ang ibang tao, at naglilingkod nang may kagalakan at pagpapasalamat, ibubunga natin ang muling pagsigla ng kaluluwa, tatanggap tayo ng mga biyaya at gantimpala sa Langit ayon sa mga gawa at katapatan natin.

## Sinusunod ba ninyo ang espirituwal na tuntunin?

Ang kahulugan ng 'sinusunod ang espirituwal na tuntunin' ay sumusunod sa Diyos at sa Salita Niya. Siya ang pinakamakapangyarihan, ang ating espirituwal na Ama na lumalang sa atin at nais magpala sa atin (Sa Mga Hebreo 12:9). Kaya kung hindi naglilingkod sa Kanya ang mga anak Niya at sa halip ay sumasamba sa mga diyus-diyosan na ginawa ng tao, sumusuway sa Salita Niya, at nagsusulong ng sariling buhay, ito ay pagsuway sa espirituwal na tuntunin.

Kung susuwayin ninyo ang batas at tuntunin ng mundo, mapaparusahan kayo. Tulad nito, kung susuwayin ninyo ang Salita ng Diyos ayon sa espirituwal na kautusan, aakusahan kayo ni Satanas, magkakaroon kayo ng mga pagsubok. Kaya sundin ninyo ang espirituwal na tuntunin at ang Salita ng Diyos. Para tumanggap ng mga biyaya at muling sumigla ang isang iglesya dapat din nitong sundin ang espirituwal na tuntunin para malugod ang Diyos.

Ibig sabihin, dapat sundin ng lahat ng miyembro ng isang iglesya ang Salita ng Diyos, kahit ang nagpaalala sa kanila nito ay nasa mas mababang kalagayan ang buhay. Dapat nagkakaisa sila sa katotohanan at sa pagsunod sa Banal na Espiritu. Huwag nilang ipilit ang sariling opinyon, at huwag unahin ang makalamang tuntunin bago ang tuntuning espirituwal. Kumilos sila ng naaayon at tama kahit nakakalamang o nakakaangat ang espiritu nila.

Isipin nila palagi kung anong dapat nilang gawin para masunod ang Salita ng Diyos, maging tama sa paningin ng Panginoon, at sumunod tulad ng ama ng pananampalataya na si Abraham.

## Nagsisikap ba kayong magkaisa, may pagmamahal na espirituwal?

Kadalasan naiinis at nagtatalo ang mga tao kapag hindi nila nagugustuhan ang sinasabi o ginagawa ng isa't isa kahit sinasabing nagmamahalan sila. Habang nanlalamig ang pagmamahalan, pinagtataksilan pa nila ang isa't isa. Tulad din ito ng pagmamahal sa pagitan ng mga magulang at mga anak, sa pagitan ng magkakapatid, at sa pagitan ng isang lalaki at babae. Nagbabago ang pagmamahalan nila, nagtataksil sila kapag sa tingin nila walang mabuting idudulot ito para sa kanila, magkakaproblema lang sila. Magsisisihan sila tungkol sa pagkukulang ng isa't isa. Hindi nila tatanggapin na may mali din sila. Hindi ganito ang espirituwal na pag-ibig.

Kung nananatili kayo sa Liwanag, hindi ninyo titingnan ang mga bahid o mantsa ng isa't isa, wala kayong sama ng loob. Pagtatakpan pa ninyo ang mga pagkukulang nila, pagtitiisan, at paniniwalaang magbabago sila. Palalakasin ninyo ang loob nila. Kahit ginagawa nila ang mga bagay na hindi ninyo gusto, uunawain pa rin ninyo sila. Makikipagkasundo kayo at pananatilihin ninyo ang kapayapaan sa pagitan ninyo. Kahit nahihirapan kayo, pipilitin ninyong maging kumportable ang ibang tao. Kahit wala kayo ng mga bagay na kinakailangan ninyo, masaya na rin kayo kapag nakikita ninyong masaya ang ibang tao dahil mayroon sila ng mga bagay na kailangan nila.

Bukas sa kalooban ninyo na magsakripisyo para sa ibang tao, magpakumbaba, at maglingkod. Mamahalin ninyo ang lahat, hindi lang iilan. Ganito ang buhay ng mga nananatili sa Liwanag, at ito ang susi para tanggapin anuman ang hilingin ninyo mula sa Diyos.

Kahit masigasig sa paggawa ng tungkuling ibinigay ng Diyos ang isang tao, pero naghahangad siya ng papuri sa pagpapagod at paglilingkod niya, o kung ipinipilit niya ang pagiging matuwid ayon sa narinig at nalaman niya tungkol sa katotohanan, nang-aaway at hindi magalang, hindi pwedeng sabihing may pagmamahal siya at nananatili sa Liwanag.

Pwedeng sabihing nananatili tayo sa Liwanag kung matatanto natin ang pag-ibig at pagpapala ng Diyos mula sa ating puso; kung tinutupad natin ang ating mga tungkulin na may kalooban ng isang walang halagang alipin; naglilingkod sa lahat; at gumagawa nang may pagpapasalamat, may kagalakan, pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig.

Ito ang espirituwal na pag-ibig. Kapag mananatili tayo sa Liwanag at may espirituwal na pag-ibig, hindi pwedeng guluhin ni Satanas ang mga buhay natin. Poprotektahan tayo ng makapangyarihang Diyos, at aapaw ang mga biyaya sa pamilya, lugar ng trabaho, at negosyo natin. Kung kikilos si Satanas kahit nasa Liwanag na kayo, ito ay sapagkat gusto ng Diyos na bigyan kayo ng mga biyaya. Kung magagalak, magpapasalamat, at mananalangin kayo, lahat ng bagay ay gagawing mabuti ng Diyos para sa inyo.

# “Gumaling ang Eksema ng Dalawang Anak Kong Babae!”

**Diakonesa Hyangseo Ku,** 47 taong gulang, Australia



Nabalitaan ko ang tungkol sa Manmin Central Church noong Marso 2007 nang bisitahin ko ang aking nanay na naninirahan sa Korea. Ginugulo siya ng mga demonyo tuwing gabi at nanaginip siya ng mga ahas nang mamatay ng tatay ko. Pero magmula noong nagsimula siyang dumalo sa iglesya noong taong 2008, hindi na siya nagdusa sa mga bagay na ito. Masaya na siya sa buhay niya bilang isang Cristiano sa iglesya ngayon.

Noong nagbakasyon ako sa bahay niya ng isang buwan, dumalo ako sa iglesya niya at nagparehistro. Pagbalik ko sa Australia, pinakinggan ko ang mga sermon ng Punong Pastro Dr. Jaerock Lee na nasa CD, nagkaroon ako ng pananampalataya. Magmula noong taong 2008, dumalo na ako sa mga pagsamba ng Manmin sa internet.

### Naging makinis at malinis ang mukha ng maliit kong anak na si Ruby pagkatapos niyang tumanggap ng panalangin sa panaginip

Noong Mayo 2010, isang taong gulang na ang pangalawa kong anak na babae na si Ruby. Nagkaroon siya ng eksema. Noong una, isang maliit na bahagi lang ng mukha niya ang apektado, pero mabilis itong kumalat sa buong katawan niya. Dahil nagkakamot siya habang natutulog, nagdudugo ang mga sugat niya paggising. Dalawang beses siyang naospital, pero walang nangyari. Nang tanggapin niya ang panalangin ni Dr. Lee, naglangib ang mga sugat niya.

Nakita ko na ang mga makapangyarihang pagkilos ni Dr. Lee sa mga pagsamba sa internet. Gusto ko ring mapagaling ng Diyos ang anak ko. Para malugod sa akin ang Diyos, mula noong taong 2011, sinikap kong magpamahagi bawat buwan ng 800 kopya ng *Balitang Manmin* sa mga kapitbahay, kasama ko si Ruby. Ipinamahagi ko rin ang tungkol sa kapangyarihan ng Diyos sa restawran na pinapatakbo ko sa pamamagitan ng pagpapalabas ng mga DVD ng mga krusada ni Dr. Lee sa ibang bansa at *Balitang Manmin.*

Bago magtapos ang Disyembre 2012, napanaginipan ko ang Punong Pastor. Tinawag niya si Ruby, idinalangin niya ito. Nang magising ako, malinis na ang mukha nito na puno ng dugo, ni walang marka. Hindi nagamot ang balat sa katawan niya, pero hindi rin lumala ang eksema dito. Kinaumagahan, hindi na siya nagkamot, naging langib na ang mga sugat niya. Pero tuwing gabi, nagkakamot siya kaya nagdudugong muli ang mga sugat niya. Paulit-ulit na nangyari ito. Pero dahil nakita kong gumaling bigla ang mukha niya, nagtiwala ako na pwede ring gumaling agad ang makakati sa katawan nita sa kapangyarihan ng Diyos. Nanalig ako, masigasig akong humiling sa Diyos.

### Gumaling mula sa eksema ang panganay na anak kong babae na si Ara nang sundin niya sa Salita ng Diyos

Mas naging malala pa ang situwasyon, bago matapos ang taong 2012, nagkaroon din ng malalang eksema ang panganay kong si Ara. Noong mas bata pa siya, mayroon na siyang eksema sa maliliit na bahagi ng mga binti at



▲ Ang mga anak niyang si Ruby (kaliwa) at si Ara (kanan) ay nagdusa sa eksema, pero gumaling sila dahil sa makapangyarihang pananalangin. Tumatamasa sila ngayon ng kalusugan at kaligayahan

braso niya, pero biglang nagkaroon din sa mukha niya at nagsimula itong kumalat sa katawan niya. Palagi siyang nakasuot ng t-shirt na may mahabang manggas kahit napakainit ng panahon, tinatakpan din niya ang mukha niya kapag lumalabas siya. Siya ay 18 taong gulang na babae na naghahangad na maging maganda sa paningin ng mga tao. Palagi siyang nangangati at nagkakamot, dahil dito, nawala na rin ang mga kilay niya. Ayaw niyang lumabas ng bahay, hindi na rin siya pumasok sa paaralan dahil ayaw niyang makita siya ng mga tao sa ganitong kalagayan.

Gayon pa man, hindi niya mapigilan ang sarili sa paggawa ng mga makamundong bagay. Buong gabi siyang nagbasa ng mga nobela at nanood ng tv, hindi siya nanalangin. Pero noong taong 2014, nagbago siya. Inisip niyang hindi siya makakatuntong sa kolehiyo kung ganoon ang kalagayan ng balat niya. Nagsimula siyang manalangin, sumali siya sa pulong-panalanging Daniel sa internet. Habang nilalayuan niya ang mga makamundong bagay, gumagaling ang sakit sa balat niya. Pero kung gagawa ulit siya ng kamunduhan, nangangati siyang muli. Dahil dito, nagsikap siyang manalangin sa Diyos.

Noong Marso 2014, dinaluhan ko ang espesyal na pulong-panalanging Daniel sa internet. Naghandog ako ng tatlong araw na pag-aayuno para gumaling ang dalawang anak kong babae, at para maiwaksi ko ang kasamaan at kasinungalingan sa puso ko. Noong Hulyo 2014, nagpunta ako ang ang dalawang anak ko sa Korea, tinanggap namin ang panalangin ni Dr. Lee. Magmula noon, nagsikap kaming isabuhay ang Salita ng Diyos.

### Nagpunta kami sa Manmin Central Church sa Korea para tanggapin ang paggaling sa pamamagitan ng pananampalataya, at gumaling kami

Noong Hunyo 2015, bumisita ako at ang dalawang anak ko sa Korea para dumalo sa seminar para sa mga lider at sa retreat sa tag-init na gagawin sa Agosto. Nang makarating kami sa Korea, malaki ang pagbabago ng mga balat nila.

Hindi na nangangati si Ruby at wala na siyang mga nagdudugong sugat sa katawan. Naglangib na ang mga sugat niya. Hindi nagtagal, natanggal ang mga langib. Hindi na rin kinati si Ara, lumambot na ang balat niya, walang mga marka. Nakakapagsuot na siya ng mga damit na maiksi ang manggas at palda. Masayang-masaya siya.

Nagpapasalamat ako sa lahat ng bagay, lalong-lalo na kapag iniisip ko ang pag-ibig ng Diyos na gumagabay sa akin hanggang sa gumaling ang mga anak ko mula sa eksema. Higit sa lahat, naging mapanalanginin ako sa Diyos, nasisiyahan sa pakikinig ng mga sermon, at kumikilos nang may pananampalataya. Habang nagtitiis at nagtitiyaga ako, nagpakumbaba ako sa harapan ng Diyos, mas nauunawaan ko ang ibang tao. Hinahangad kong magkaroon ng mas nakakagiliw na pusong puno ng kabutihan, at magkaroon ng malaking pag-asa sa Langit. Nagsusulong ako ngayon ng buhay Cristianong puspos ng Espiritu. Hallelujah!

Nahihirapan ang dalawang anak ko noon, pero damang-dama nila ang pag-ibig ng Diyos ngayon, nagpapasalamat sila sa Kanya. Malusog si Ruby, hindi niya kailangang uminom ng gamot kahit may sipon siya. Natanto ni Ara ang pag-ibig ng Diyos na nagmamalasakit sa kanya. Natutuhan nila ang tunay na kahalagahan ng buhay kahit bata pa sila.

Lahat ng pagpapasalamat at pagluluwalhati ay para sa Diyos na humaplos sa puso ko, umaliw, at nagpalakas ng loob ko para magtagumpay ako sa lahat ng bagay dahil sa pananampalataya. Gusto ko ngayong ipamahagi ang pag-ibig ng Diyos na tinanggap ko at ang ebanghelyo ng kabanalan sa lahat ng tao sa Australia.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714